JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


# 3

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 1:
## “Relihiyon Ko, Ipagtatanggol Ko”



Pangalan:___________________________________

Baitang at Seksyon:___________________________

Paaralan:____________________________________



# Alamin

Ang pagmamahal sa ating pananampalataya ay nakasalalay sa ating sarili. Magkaiba man ang ating relihiyon pero iisa pa rin ang ating sinasamba, ang ating Puong Maykapal.

Ang mga gawain na inihanda sa modyul na ito ay nagtataguyod na magbigay gabay upang inyong matamo ang mga sumusunod na layunin.

**Kasanayang Pampagkatuto:**

**-**Naipamalas ang pagpapahayag ng sariling relihiyon o pananampalataya. **EsP3PD-Iva-7.1**



# Subukin

**Panuto:** Basahin ng maayos ang tanong at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong araw sumasamba ang mag-anak na Katoliko?
   A. Huwebes B. Sabado C. Linggo D. Lunes

2. Anong araw sumasamba ang mga Muslim?
   A . Lunes B. Linggo C. Biyernes D. Miyerkules

3. Kailangan bang magpasakop sa isang relihiyon?
   A. Depende kung anong relihiyon ang iyong gusto.
   B. Dapat talagang mayroon kang relihiyong sinasandalan.
   C. Hindi na kailangan na magpasakop ka sa isang relihiyon.
   D. Walang relihiyon na makaligtas.

| MODULE 1 | Relihiyon Ko, Ipagtatanggol Ko |
|---|---|

Sa araling ito,iyong malalaman kung paano maipagtatanggol ang pagmamahal sa ating pananampalataya sa lahat ng oras at kahit saan.



## Balikan

**Panuto:** Ang mga salitang nasa loob ng kahon ay tungkol sa pagpapakita ng pagiging handa sa sarili sa oras ng kalamidad. Buuin ito at isulat sa patlang na nasa gilid ng kahon.

k a n i p a g 1.__________

l i g h t f l a s 2. ______

t o g a m 3. __________



## Tuklasin



https://1.bp.blogspot.com/-T3WmJ32sYNg/VCticctUjcI/AAAAAAAAAUA/wy7YdxXwKOE/s1600/san%2Bpablo.jpg
October 1,2014





https://1.bp.blogspot.com/-T3WmJ32sYNg/VCticctUjcI/AAAAAAAAAUA/wy7YdxXwKOE/s1600/san%2Bpablo.jpg
October 1,2014




http://pilipinomirror.com/wp-content/uploads/2018/06/catholic.jpg
June 8,2018



https://1.bp.blogspot.com/-T3WmJ32sYNg/VCticctUjcI/AAAAAAAAAUA/wy7YdxXwKOE/s1600/san%2Bpablo.jpg
October 1,2014



https://1.bp.blogspot.com/-T3WmJ32sYNg/VCticctUjcI/AAAAAAAAAUA/wy7YdxXwKOE/s1600/san%2Bpablo.jpg
October 1,2014

**Sagutin ang mga tanong:**

1.Ano ang ipinapakita sa mga larawn?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2.Paano maipakita sa tao ang pagmamahal sa kanyang pananampalataya?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Bakit kailangang magpahayag ng sariling relihiyon ang bawat tao?

______________________________________________________________

______________________________________________________________



# Suriin

Ang mga Pilipino ay may taimtim na paniniwala at pananalangin sa Diyos. Nagpapasalamat sa mga biyayang natanggap sa araw-araw.

Ang paraan ng pagsamba ng bawat relihiyon ay magkaiba rin. Karaniwan tuwing Linggo ang pagtungo sa simbahan. Ngunit may sumasamba rin tuwing Huwebes, Biyernes at Sabado. Iginagalang ang iba't ibang simbahan at ang paraan ng pagsamba ng kapwa-Pilipino. Gaya ng mga sumusunod.

**1.Islam**- Ang Salah (pagdarasal) ang siyang haligi ng pananampalatayang Islam at ang ugnayan ng isang alipin sa kanyang Panginoon at Diyos. Ang dahilan kung bakit ito ang pinakadakila at pinakamalaki sa katayuan na ipinag-utos ng Allah sa isang Muslim. Biyernes ang araw ng pagsamba ng mga Muslim.

**2.Katoliko Romano**- Ang pananampalatayang Katoliko ay orihinal na nakabase sa Kredong Niceno. Naipanatili nito ay orihinal na pananampalatayng Kristiyano, sa pamamagitan ng sagradong tradisyon.

**3.Iglesia ni Cristo**- Ang pag-awit ay importante sa mga pagsamba dahil ito'y pagpupuri sa Diyos. Meron silang ginagamit na "Himnario" kung saan bago magsimula ang bawat pag-awit ay makikita sa may koro ang numero ng awitin na pinangunahan ng mga mang-aawit.

**4.Baptist-** Muling natuklasan ng dumaraming bilang ng mga Iglesiang Baptist sa Pilipinas ang pagpapahayag at pinaniniwalaan ang mga doktrinang noong una pa ay pinanghahawakan na ng maraming baptist.

**5.Saksi ni Jehovah**- Kinikilala ang Bibliya bilang mensahe ng Diyos sa mga tao. Hindi sumasamba sa krus o mga imahen. Maraming mahalagang aspekto ang pinagtuunan ng pansin gaya ng, pagbabasa at pag-aaral ng bibliya, pagbubulay-bulay sa natutunan, pananalangin, at pangangaral.



# Pagyamanin

**Panuto**: Isulat ang **<u>Tama</u>** sa patlang kung ang pahayag ay nagsasabi ng totoo, at **<u>Mali</u>** sa patlang kung ang pahayag ay hindi totoo.

_____1. Si Ariel ay isang Katoliko Romano na sumasamba tuwing Linggo.


_____2. Ang mga Cebuano, Tagalog, Muslim ay magkapareho ang kanilang Relihiyon at iisang paraan ng pagsamba.

_____3. Ang taong nagpapakita ng pagmamahal sa Diyos ay nagpapakita din ng pagmamahal sa kanyang kapwa-tao.



# Isaisip

**Panuto:** Isulat sa kahon ang iba't ibang Relihiyon na iyong natutunan sa ating mga natalakay.



## Rubric sa Pagtataya

| 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
|---|---|---|---|---|
| Isang idea lang ang naibibigay | Dalawang idea lang ang naibibigay | Tatlong idea lang ang naibibigay | Apat na idea lang ang naibigay | Naibigay ang lahat ng tamang sagot |



# Isagawa

**Panuto:** Iugnay ang salita sa **Hanay A** sa mga larawan sa **Hanay B**.

**HANAY A**

1. Katoliko Romano

2. Islam

3. Iglesia ni Kristo

**HANAY B**

A. 

https://iqna.ir/ph/news/3001891/pansamantalang-sarado-ang-mga-moske-sa-turkmenistan
Source of image:News ID: 300189 *9:05 - July 18, 2020*

B. 

https://1.bp.blogspot.com/-T3WmJ32sYNg/VCticctUjcI/AAAAAAAAAUA/wy7YdxXwKOE/s1600/san%2Bpablo.jpg
**October 1,2014**

C. 

http://pilipinomirror.com/wp-content/uploads/2018/06/catholic.jpg
**June 8,2018**



# Tayahin

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga tanong ng bawat bilang. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1.Ano ang tawag sa pananampalataya ng bawat tao o pangkat ng mga tao?
A. Kapilya B. Simbahan C. Sekta D. Relihiyon

2.Ano ang tawag sa mga tao na ang kanilang relihiyon ay Seventh-day Adventist?
A.Iglesia ni Kristo B.Sabadista C.Paganista D.Sakristan

3. Bakit hindi maaaring magsama ng mapayapa ang mga Relihiyon?
A. dahil ang bawat relihiyon ay magkaiba ang pamamaraan sa pagsamba at paniniwala.
B. dahil ang bawat relihiyon ay magkaiba ang pamamaraan sa pananamit.
C. dahil ang bawat relihiyon ay magkaiba ng araw ng pagsamba.
D. dahil ang bawat relihiyon ay magkaiba ang paraan ng pag-aaral ng Bibliya.



# Karagdagan Gawain

Maggupit ng mga larawan na nagpapakita ng iba't ibang paraan sa pagsamba. Idikit ang larawan sa *bond paper*.

# Sanggunian

**1.http://pilipinomirror.com/wp-content/uploads/2018/06/catholic.jpg**
**June 8,2018**

**2.https://1.bp.blogspot.com/-T3WmJ32sYNg/VCticctUjcI/AAAAAAAAAUA/wy7YdxXwKOE/s1600/san%2Bpablo.jpg**
**October 1,2014**

**3.https://upload.wikimedia.org/wikipedia/commons/thumb/9/9f/Liliw%2CLagunaChurchjf6052_07.JPG/800px-Liliw%2CLagunaChurchjf6052_07.JPG**

**4.https://assetsnffrgf-a.akamaihd.net/assets/m/502013283/univ/art/502013283_univ_lsr_xl.jpg**

5.https://iqna.ir/ph/news/3001891/pansamantalang-sarado-ang-mga-moske-sa-turkmenistan
**Source of image:News ID: 300189** ***9:05 - July 18, 2020***

Manunulat: Maribeth D. Siarot
Teacher I
Habib Moin Anduhol Memorial Elem. Sch./Ipil District
Zamboanga Sibugay Division

Editor: Jerick P. Mamac
Tagasuri: Baby Aida S. Awang
Tagapamahala:
Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP
Evelyn F. Importante, OIC-CID Chief EPS
Aurelio A. Santisas, OIC ASDS
Jerry C. Bokingkito , OIC ASDS
Dr. Jeanelyn A. Aleman, CESO VI, OIC SDS